DepED DIVISION OFFICE BAGUIO CITY
MAR 2 3 2021
RECEIVED

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO •1991•

*Bukás na sa mga lahok!*

# SANAYSAY NG TAÓN 2021

SANAYSAY NG TAON 2021 • KOMISYON SA WIKANG FILIPINO •

Ang Sanaysay ng Taón ay taunang timpalak ng KWF na naglalayong himukin ang mga natatanging mananaysay ng bansa na ilahok ang kanilang mga akda. Ang paksa ng sanaysay ay pagtalakay sa saliksik hinggil sa kahalagahan at tungkulin ng wika sa paghubog ng kasaysayan ng Filipinas at kulturang Filipino.

30 HUNYO 2021
Huling araw ng pagsusumite

To: All School Administrators, Principals & Teachers In-Charge
(Elementary & Secondary)
FOR YOUR INFORMATION & APPROPRIATE ACTION

MARIE CAROLYN B. VERANO, CESO V
Schools Division Superintendent

Lumahok sa Sanaysay ng Taón 2021!

Inaanyayahan ang lahat na lumahok sa Sanaysay ng Taón! Bukod sa titulong Mananaysay ng Taon 2021, may naghihintay na PHP30,000.00 sa magwawagi ng unang gantimpala sa taunang timpalak ng KWF.

**Tuntunin**

1. Ang **Sanaysay ng Taón** ay taunang timpalak ng KWF na naglalayong himukin ang mga natatanging mananaysay ng bansa na ilahok ang kanilang mga akda.
2. Bukás ang timpalak sa lahat, maliban sa mga kawani ng KWF at kaniláng kaanak.
3. **Ang paksa ng sanaysay ay pagtalakay sa saliksik hinggil sa kahalagahan at tungkulin ng wika sa paghubog ng kasaysayan ng Filipinas at kulturang Filipino.**
4. Kailangang nása wikang Filipino ang lahok, orihinal, hindi pa nailalathala, at hindi rin salin mulâ sa ibáng wika. Marapat na hindi ito magkukulang sa 15 páhiná at hindi rin sosobra sa 30 páhiná.
5. Bílang saliksik, kailangang sumusunod ang paraan ng pagsulat nitó sa mga tuntuning nakasaad sa *KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat*.
6. Para sa onlayn na paglahok, ihanda ang sumusunod (soft copy) at magtungo sa link na ito: **https://forms.gle/YPk3pjvUB3ejzFYGA**
   - Kopya ng kompiyuterisadong lahok (.doc format). Gagamitin ang font na Arial 12 pt, single spaced sa A4 size (bond paper) na may palugit na isang (1) pulgada sa itaas, ibabâ, at gílid. Kung makinilyado ang lahok, i-scan at isumite na naka-pdf format.
   - Kinakailangang magtataglay lámang ng sagisag-panulat (pen name) at walâng kahit anong pahiwatig ng tunay na pangalan ng kalahok.
   - Kasáma ng lahok, isumite ang sumusunod na naka-pdf format: (1) **notaryo na nagpapatunay na orihinal ang lahok** (2) entri form; (3) **curriculum vitae at/o bionote;** (4) **2×2 retrato ng kalahok (.jpeg format); at** (5) **kopya balidong ID.**
7. Pára sa pagsusumite ng lahok sa pamamagitan ng koreo, sa isang long brown envelop ilagay ang sumusunod:
   - apat (4) na kopyang makinilyado o kompiyuterisadong lahok (Font 12, Arial), may dobleng espasyo, at may isang pulgadang palugit sa bawat gílid na nakaimprenta sa bond paper na sukat na A4.
   - Softcopy (.doc fomat) ng lahok na nasa CD o USB
   - Kinakailangang magtataglay lámang ng sagisag-panulat (pen name) ang ipinadalang entri at walâng kahit anong pahiwatig ng tunay na pangalan ng kalahok.
   - Notaryo na nagpapatunay na orihinal ang lahok
   - entri form
   - curriculum vitae at/o bionote ng kalahok
   - 2×2 retrato ng kalahok

- photocopy ng balidong ID

ipadalá ang lahok sa koreo sa:

**Lupon sa Sanaysay ng Taon 2021**
**Komisyon sa Wikang Filipino**
**2/P Gusali Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel**
**San Miguel, Maynila**

8. Ang hulíng araw ng pagsusumite ng lahok ay sa **28 HUNYO 2021, 5nh.** Hindi na mauurong ang araw ng pagsusumite.
9. Pára lahok na ipinadalá sa koreo, magpapadalá ang KWF ng mensahe (text) kung natanggap na ang lahok. Kalakip din nitó ang gagamiting entri code at link ng online form pára sa registri ng mga kalahok. Bukás ang online registry hanggang **30 HUNYO 2021, 5nh lámang.**
10. Ang mga gantimpala ay ang sumusunod:

**Unang gantimpala, PHP30, 000.00 at karangalang maging "Mananaysay ng Taón", medalya, at plake;**
**Pangalawang gantimpala, PHP20,000.00 at sertipiko**
**Pangatlong gantimpala, PHP15,000.00 at sertipiko**

11. Ang pasiya ng Lupon ng Inampalan ay pinal at hindi na mababago.
12. Hindi patatawarin ang sinumang mahuhúling nagplahiyo. Kakanselahin ng KWF ang ipinagwagiing lahok at hindi na mulîng makasasáli pa sa alinmang timpalak ng KWF.
13. Pára sa karagdagang detalye, mag-text o tumawag sa 0928-844-1349, o mag-email sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph.

https://kwf.gov.ph/lumahok-sa-sanaysay-ng-taon-2021/